


# Arts

## Ikatlong Markahan – Modyul 2: Gamit/Layon ng Nilimbag na Likhang-Sining



**Arts – Ikalimang Baitang**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Ikatlong Markahan – Modyul 2: Gamit/Layon ng nilimbag na Likhang-Sining**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jocelyn V. Serot

**Editors:** Vergita M. Ibañez, Eden Lynne V. Lopez

**Tagasuri:** Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Charo C. Sombilon

**Tagaguhit:** Jo-ann Cerna-Rapada

**Tagalapat:** Eden Lynne V. Lopez, Jogene Alilly C. San Juan

**Tagapamahala:** Ma. Gemma M. Ledesma

Arnulfo M. Balane

Rosemarie M. Guino

Joy B. Bihag

Ryan R. Tiu

Nova P. Jorge

Raul D. Agban

Lorelei B. Masias

David E. Hermano, Jr.

Shirley L. Godoy

Eva D. Divino

Jo-ann C. Rapada

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: (053) 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov

## **Arts**

### **Ikatlong Markahan – Modyul 2: Gamit/Layon ng Nilimbag na Likhang-Sining**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## Alamin

Marami tayong mga sikat na pintor at iskultor na tanyag hindi lamang sa ating bansa gayundin sa iba't ibang bahagi ng mundo. Ang mga ito ay ilan lamang sa nagbigay karangalan sa ating bansa na tunay na di dapat kalimutan dahil sila ang nagpakita kung gaano kaganda ang ating bansang sinilangan.

Ang kanilang mga likhang-sining ay inilagak sa isang *museum* upang maingatan. Ang mga likhang-sining ay nagpapaganda sa tahanan o sa isang lugar. May mga taong bumibili ng mga mamahaling likhang-sining dahil naniniwala sila na narerelaks ang kanilang isipan kung sila ay nakatingin o nakatitig sa mga likhang-sining.

Ang paglilimbag ay nagsimula sa **paggawa at paglathala ng mga libro** na naging instrumento sa pananakop noong panahon ng mga Espanyol. Ang paglilimbag ay ginagawa pa rin hanggang ngayon ngunit gamit ang mga makabagong teknolohiya na mas makakapagpabilis ng maramihang paggawa.

Sa kontemporaryong panahon, madalas makikita ang paglilimbag sa paggawa ng disenyo ng mga damit (*screen printing*), *printed media* (*magazines, newspapers, etc*), *graphic novels* (*manga/comics*), *advertisements*, at iba pang uri ng *IEC* (*Information, Education, Communication*) materials.

Sa pamamagitan ng paglilimbag ng likhang sining, napapalago nito ang ekonomiya ng bansa dahil sa mga produktong nagagawa nito. Maraming mga tao lalo na sa mga turista ang tatangkilik sa mga gawaing sining. Naipapahayag din ng inilimbag na likhang-sining ang damdamin at ang iba't-ibang yaman ng kultura ng Pilipinas.

Sa modyul na ito, tatalakayin natin ang mga gamit/layon ng nilimbag na mga likhang-sining (A5EL-IIIc) at inaasahang makamit ang mga sumusunod:

- a. Natatalakay ang mga gamit/layon ng nilimbag na likhang-sining.
- b. Nakalilimbag ng isang likhang-sining gamit ang iba't ibang linya at tekstura.
- c. Naipagmamalaki ang mga gamit ng likhang-sining sa ekonomiya at kultura ng bansa.



## ***Subukin***

A. Panuto: Basahin ang pangungusap. Lagyan ng tsek (✓) kung ito ay nagpapahayag ng gamit ng paglilimbag sa likhang-sining at (x) kung hindi.

- \_\_\_\_\_ 1. Pagpreserba ng kulturang Pilipino.
- \_\_\_\_\_ 2. Pagbibigay karangalan sa bansa.
- \_\_\_\_\_ 3. Ang likhang-sining ay nagdudulot ng karagdagang gastos.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang likhang-sining ay maaaring pangdekorasyon sa bahay o sa ibang gusali.
- \_\_\_\_\_ 5. Nagsisilbing libangan ang paggawa ng sining.
- \_\_\_\_\_ 6. Nakatulong sa pagkakaroon ng kita ng pamilya at ng bansa.
- \_\_\_\_\_ 7. Nagdudulot ng pagpapasikat ng mga pintor.
- \_\_\_\_\_ 8. Ang likhang-sining ay nagpapadagdag ng ganda sa bahay o ng isang lugar.
- \_\_\_\_\_ 9. Sa bansang Tsina, ginagamit ang paglilimbag bilang pamamaraan sa pagtala ng kasaysayan ng kanilang bansa.
- \_\_\_\_\_ 10. Ginagamit ang likhang-sining sa pagpapahayag ng emosyon o damdamin ng isang artista o taong mahilig nito.

B. Sa mga nalagyan ng (✓), pumili ng isa at talakayin kung bakit ito ay posibleng gamit ng nilimbag na likhang-sining. (5 puntos)

---

.

## Aralin 2

# Gamit/Layon ng Nilimbag na Likhang-Sining

Ang paglilimbag ng likhang-sining ay maaring gamitin sa pagbabahagi ng imahe, disenyo ng mga kagamitan (halimbawa sa *brand* ng negosyo), paggawa ng ilustrasyon sa parehas na mga libro at iba pa. Ang pangunahing layunin nito ay para mapabilis ang paglikha na maaring magamit sa negosyo o pagbabahagi ng importanteng impormasyon tulad ng mga nasa dyaryo at magasin at iba pa.



### **Balikan**

Tukuyin kung anong linya at tekstura ang ipinapakita sa sumusunod. Piliin ang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang tamang sagot sa patlang sa ibaba ng larawan.

*ribbed*


*woven*

*carved*


*fluted*



<https://www.dreamstime.com/photos-images-ribbed-paper-texture.html>



<https://www.dreamstime.com/stock-images-fluted-texture-image19067694>



[https://www.123rf.com/photo\\_14127570\\_metal-woven-texture.html](https://www.123rf.com/photo_14127570_metal-woven-texture.html)



<https://www.dreamstime.com/stock-images-carved-wooden-pattern-ornament-texture-image35266834>

Ano-ano ang ginagamit na makabagong pamamaraan ng paglilimbag?

---

---

---



## Tuklasin

Panuto: Pagmasdang mabuti ang mga larawan at sagutin ang mga katanungan sa ibaba. Isulat sa patlang ang tamang sagot.



*Nature print artwork by Cathy Taylor (Photos by Larry Stein)*

<https://www.clothpaperscissors.com/blog/nature-prints-an-beginners-guide/>

<https://www.husder.com/silk-screen-printing-easy-monoprinting-tutorial/>

Mga tanong:

1. Ano-ano ang nakikita mo sa larawan?

---

---

2. Sa ipinakitang larawan sa itaas, ano ang maaaring gamit ng mga inilimbag na sining? Talakayin ang mga ito.

---

---





## ***Suriin***


Ang mga inilimbag na likhang-sining o *printed artwork* ay ilan sa mga produktong kayang gawin ng mga Pilipino. Ang mga disenyong inilimbag ay ginagamitan ng iba't ibang linya at tekstura upang mas mapaganda pa ito.

Sa bansang Tsina, ginagamit nila ang paglilimbag bilang pamamaraan ng pagtala ng kasaysayan ng kanilang bansa. Ginagamit din nila itong paraan ng pagkukuwento gamit ang mga larawan.

Sa bansang Hapon, ang paglilimbag ay pinalawak bilang isang sining. Ang kanilang inilimbag na larawan ay nagpapakita ng pang-araw-araw na gawain at larawan ng buhay.

Ito ay nagsisilbing libangan ng mga taong mahilig nito. Ang mga inilimbag na bagay ay maaaring ibenta upang makatulong sa kita ng pamilya at bansa. Nagpapadagdag din ito ng ganda sa bahay o sa isang lugar.

Ito ay puwede rin ipamigay bilang regalo o *token* sa mga kaibigan o di kaya'y mga panauhing pandangal sa isang programa. Ang mga likhang-sining ng mga mag-aaral ay puwede ring ikabit sa dingding sa paaralan tuwing *National Arts Month* o sa anomang *culminating activities*.



## ***Pagyamanin***

### **Gawain 1**

Panuto: Pumili ng isang larawan sa ibaba. Talakayin ang gamit/layon ng nilimbag na likhang-sining ng napili mo. Isulat sa kahon ang iyong sagot.



A




B



C

Napiling Larawan \_\_\_\_\_



## Gawain 2

Panuto: Gumawa ng placemat gamit ang disenyong etniko sa paraang *crayon resist/transfer technique*. Sundin ang mga sumusunod na hakbang sa paggawa nito.

Mga Kagamitan:

lapis, gagamiting pangkulay o krayola, cartolina o recycled cardboard, watercolor, paint brush, ruler, marker

Mga Hakbang sa Paggawa

1. Ihanda ang mga kagamitan.
2. Pumili ng disenyo na makikita sa mga kagamitan, kasuotan at palamuti ng mga pangkat-etniko.
3. Iguhit ang mga napiling disenyong etniko patterns sa recycled paper.
4. Ilipat ito sa kartolina o cardboard.
5. Kulayan ang iyong iginuhit. Siguraduhing madiin ang paggamit ng krayola sa papel upang hindi matakpan ng watercolor.
6. Ihanda naman ang watercolor para sa gagawing pamamaraang crayon resist.
7. Pahiran ng watercolor ang kinulayan ng krayola. Gamitin ang madilim na kulay para lumitaw ang kagandahan ng disenyong iginuhit at kinulayan ng krayola.
8. Patuyuin ito.



## ***Isaisip***

Panuto: Suriin ang inyong ginawang awtput at sagutin ang mga katanungan.

1. Paano mo mailalarawan ang disenyonang etniko mula sa inyong ginawa?

---

---

2. Paano mo maipagmamalaki ang kultura ng Pilipinas?

---

---



## ***Isagawa***

Panuto: Talakayin sa pamamagitan ng paggawa ng sanaysay tungkol sa mga posibleng gamit ng mga inilimbag na likhang-sining. Isulat ang sanaysay sa loob ng kahon. Sumangguni sa rubrik sa pahina 9 para sa kaukulang puntos.

|                                           |
|-------------------------------------------|
| <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> |
|-------------------------------------------|



## Tayahin

Panuto: Talakayin ang mga posibleng gamit ng nilimbag na likhang-sining batay sa mga larawan na nasa ibaba. Isulat ang sagot sa patlang. May tatlong puntos bawat larawan.



---

---

---



---

---

---



---

---

---

Rubrik sa Isagawa: Pagsusuri ng Sanaysay

| <b>Pamantayan</b>        | <b>5</b>                                                                                                      | <b>3</b>                                            | <b>1</b>                                            | <b>Marka</b> |
|--------------------------|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------|-----------------------------------------------------|--------------|
| Kalinisan at Kahalagahan | Ang kalinisan ay nakikita sa kabuuan ng sanaysay gayundin ang nilalaman ay makabuluhan                        | Ang nilalaman ng sanaysay ay makabuluhan at malinis | Walang kabuluhan at kalinisang nakikita sa sanaysay |              |
| Istilo                   | Ang ginamit na istilo ay malinaw, masining at nababasa                                                        | Ang istilo sa pagsulat ay malinaw at nababasa       | Walang kalinawan at pagkamalikhain                  |              |
| Tema                     | Ang kabuuan ng sanaysay ay may kaisahan at kaugnayan sa tema (posibleng gamit ng inilimbag na likhang-sining) | Karamihan sa nilalaman ay kaugnay sa tema           | Walang kaisahan at kaugnayan sa tema ang nilalaman  |              |

Rubrik sa Pagyamanin: Gawain 2:

Bigyan ng kaukulang puntos ang iyong naging pagganap gamit ang rubrik sa ibaba.

| <b>Pamantayan</b>                                                                                | <b>Napakahusay (5)</b>                                                                        | <b>Mahusay (3)</b>                                                                         | <b>Di-gaanong mahusay (1)</b>                                                     |
|--------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------|
| 1. Naiguguhit at nakukulayan ko ng maayos ang naiwang bakas sa <i>new print making technique</i> | Naiguhit at nakulayan ko                                                                      | Naiguhit ko ngunit di nakulayan                                                            | Hindi ko naiguhit                                                                 |
| 2. Naipakita ko ang kagandahan ng aking iniwang bakas sa malinis na papel                        | Naipakita ko nang tamang pamamaraan ng pagpipinta sa pamamagitan ng malinis na bakas sa papel | Hindi ko maayos na naipakita ang tamang paraan ng pagpipinta at pag-iwan ng bakas sa papel | Hindi ko naipakita ang pagbabakas sa papel                                        |
| 3. Nalalaman ko ang iba pang pamamaraan ng new print making technique                            | Nalaman ko ang maayos na pamamaraan sa pagbabakas                                             | Hindi ko gaanong nalalaman ang pamamaraan sa pagbabakas                                    | Hindi ko nalaman ang bagong pamamaraan ng pagbabakas                              |
| 4. Naipagmamalaki ko ang kulturang Pilipino sa pamamagitan ng paglilimbag ng likhang-sining      | Naipakita at naipagmamalaki ko ang kulturang Pilipino sa aking likhang-sining                 | Hindi ko gaanong naipakita at naipagmalaki ang kulturang Pilipino sa aking likhang-sining  | Hindi ko naipakita at naipagmalaki ang kulturang Pilipino sa aking likhang-sining |



## ***Karagdagang Gawain***

Paglilimbag ng mga likhang-sining na maaaring ibenta o idisplay.

Panuto: Gumuhit ng disenyong kahawig ng ginawang guhit sa Pagyamanin Gawain  
2. Sundin ang pamamaraan sa paggawa ng proyekto.

Kagamitan:

*lapis, cutter, papel, lumang diyaryo, tsinelas o goma na ukitan ng disenyo, water container, watercolor at brush*

Pamamaraan:

1. Iguhit ang disenyo sa tsinelas o goma na ukitan ng disenyo sa pamamagitan ng lapis.
2. Maglagay ng lumang diyaryo sa ilalim ng papel bilang sapin sa mesang paggagawaan.
3. Ukitin ang ginawang linya o disenyo sa tsinelas gamit ang cutter. (Mag-ingat sa paggamit ng cutter o kaya'y magpatulong sa mga nakakatanda)
4. Pintahan ng kulay ang inukit na rubber gamit ang isinawsaw na brush sa watercolor at idiin ito sa disenyong ginawa.
5. Patuyuin ito.
6. Linisin ang mesa pagkatapos ng gawain.



## Susi sa Pagwawasto

|                                                                                                                                                                                                                 |                                                                                                                                                                                                                       |                                                                                                                                                                                            |
|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <p><b>Subukin</b></p> <p>A.</p> <p>1. ✓<br/>2. ✓<br/>3. x<br/>4. ✓<br/>9. ✓<br/>10. ✓</p> <p>B. Dependende sa tugon ng<br/>mag-aaral</p> <p><b>Balikan</b></p> <p>ribbed<br/>fluted</p> <p>woven<br/>carved</p> | <p><b>Tuklasin</b></p> <p>Dependende sa tugon ng<br/>mag-aaral</p> <p><b>Pagpamalin</b></p> <p><b>Gawain 1</b></p> <p>Dependende sa tugon ng<br/>mag-aaral</p> <p><b>Gawain 2</b></p> <p>Sumangguni sa<br/>Rubrik</p> | <p><b>Gawain 3</b></p> <p>Dependende sa tugon ng<br/>mag-aaral</p> <p><b>Isagawa</b></p> <p>Sumangguni sa<br/>Rubrik</p> <p><b>Tayahin</b></p> <p>Dependende sa tugon ng<br/>mag-aaral</p> |
|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|

## ***Sanggunian***

P. Copiaco, H. P., & Jacinto, E. S. (2016). *Halinang Umawit at Gumuhit 5*. Vibal Group, Inc.

Zephyris. (2013, August 11). *Preparing a Woodcut Design*. Wikimedia Commons.  
[https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Preparing\\_a\\_Woodcut\\_Design.jpg](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Preparing_a_Woodcut_Design.jpg)

Fischer, M. (n.d.). *Screen Printing*. Flickr.  
<https://www.flickr.com/photos/fischerfotos/16125521732>



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)